

Baxter Global Scholarship Program

Ang Baxter International Foundation ay bumuo ng maganda at merit-based na programang scholarship para tulugan ang mga anak ng mga kwalipikadong empleyado ng Baxter, na gustong ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa kolehiyo o mga vocational na programa sa paaralan.

\$3,000 USD ang halaga ng award na scholarship.

Ang programang ito ay pinapangasiwaan ng Scholarship America*, ang pinakamalaking tagadiseno at tagapamahala ng bansa sa mga scholarship at iba pang pansuportang programa sa edukasyon para sa mga korporasyon, foundation, asosasyon, at indibidwal. Ang pagiging kwalipikado para sa mga indibidwal na programa ay tinutukoy sa pagpapasya ng sponsor, at dumaraan sa pagsusuri ang mga kwalipikadong aplikasyon ng team sa pagsusuri ng Scholarship America. Nagbibigay ng mga award nang hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, sekswal na oryentasyon, kasarian, kapansanan, pangangailangang pinansyal, o bansang pinagmulan.

Pagiging Kwalipikado

Ang mga aplikante sa Baxter Global Scholarship Program ay dapat:

- Isang dependent,* walang asawa, natural o legal na adopted na mga anak, mga legal ward, o kwalipikadong stepchildren ng isang kasalukuyan at aktibong empleyado ng Baxter International Inc. (kasama ang mga empleyado ng Legacy Hill-rom), ayon sa pagpapasya ng Baxter. Ang empleyado ay dapat nagtatrabaho sa United States o sa isa sa mga subsidiary sa ibang bansa ng Baxter o dapat siya ay mamamayan ng United States na nagtatrabaho sa isang pasilidad ng subsidiary ng Baxter sa ibang bansa. Ang empleyado ay dapat nakakumpleto na nang hindi bababa sa dalawang (2) buong taon ng full-time o regular na part-time na serbisyo, ayon sa pagpapasya ng Baxter, mula sa deadline ng aplikasyon. Hindi kwalipikado ang mga anak ng mga retiradong empleyado.

**Tumutukoy ang mga dependent na anak sa natural, legal na adopted, o mga legal ward ng isang empleyado; stepchild ng isang empleyado na ang asawa ay may legal na kustodiya o nagbibigay ng pangunahing pinansyal na suporta; o anak ng isang domestic partner na may legal na kustodiya o nagbibigay ng pangunahing pinansyal na suporta.*

- Maging isang senior/mag-aaral sa high school sa kanilang huling taon sa upper secondary school, nagtapos sa high school/upper secondary, o undergraduate na mae-enroll, o planong mag-enroll, sa isang full time* at undergraduate na kurso ng pag-aaral sa isang accredited na kolehiyo, unibersidad, o vocational technical/polytechnic na institusyon sa pang-akademikong taon kung kailan ibinigay ang scholarship.

**Tumutukoy ang full-time na pag-aaral sa full-time na pag-enroll para sa buong paparating na pang-akademikong taon.*

- Maging 24 na taong gulang pababa sa panahon ng aplikasyon. Ang mga mag-aaral sa Israel ay puwedeng mag-apply hanggang sa 28 taong gulang.

Hindi kwalipikado ang mga anak ng mga Vice President pataas at ang mga anak ng mga retiradong empleyado.

Award

Kung mapipili bilang recipient, makakatanggap ang mag-aaral ng **\$3,000 USD** na award. Talagang malaki ang programang ito, at **nangungunang 25% ng mga kwalipikadong aplikante lang ang pipiliin para makatanggap ng award**. Kapag natanggap ang mga kwalipikadong aplikasyon, ibibigay ang mga award nang naaayon sa dami ng aplikasyon natanggap sa bawat rehiyon.

Puwedeng i-renew ang mga award sa loob ng hanggang tatlong karagdagang taon o hanggang matapos ang isang bachelor's degree (o katumbas), anuman ang mauna. Nakabatay ang pag-renew sa pagtugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, mahusay na akademikong pagganap sa isang full-time na kurso ng pag-aaral, at pagpapatuloy ng programa ng Baxter International Foundation.

Ang mga tatanggap na pumapasok sa isang United States Military Academy ay magiging kwalipikado para sa isahang beses lang na award na nagkakahalaga ng **\$3,000 USD**.

Ang mga hindi makakatanggap ay puwedeng mag-apply ulit kada taon, kung matutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado.

Ang mga award ay para sa undergraduate na pag-aaral ay puwede lang gamitin para sa mga kwalipikadong gastos na nauugnay sa pag-aaral (matrikula, mga bayarin, mga aklat, at kinakailangang supply).

Pagpili ng Mga Tatanggap

Ang mga tatanggap ng scholarship ay pinipili sa batayan ng:

- Akademikong grado
- Ipinakitang leadership at paglahok sa mga aktibidad paaralan at komunidad
- Mga Karangalan
- Pahayag sa mga layunin at mithiin sa pag-aarala at karera
- Mga hindi karaniwang personal o pampamilyang sitwasyon

Hindi isinasaalang-alang ang pangangailangang pinansyal.

Ginagawa ng Scholarship America ang pagpili ng mga tatanggap. **Hindi kailanman nagkakaroon ng papel sa proseso ng pagpili ang sinumang opisyal o empleyado ng Baxter International Foundation or Baxter International Inc.** Hindi lahat ng aplikante sa programa ay mapipili bilang mga tatanggap. Sumasang-ayon ang lahat ng aplikante na tanggapin ang pasya bilang pinal.

Pag-abiso

Ang lahat ng aplikante ay aabisuhan sa pamamagitan ng email sa Hunyo. Inaatasan ang mga tatanggap na tanggapin ang award at magbigay ng patunay ng kanilang pag-enroll.

Pagbabayad ng Mga Scholarship

Pinoproseso ng Scholarship America ang mga pagbabayad sa scholarship sa ngalan ng Baxter International Foundation. Ginagawa ang pagbabayad sa pamamagitan ng isahang installment.

Ipinapamahagi ng Scholarship America ang mga award na dapat ibayad sa paaralan para sa tatanggap ng scholarship sa U.S., Canada, at Puerto Rico. Ang mga award ay ipinapadala sa pamamagitan ng wire sa lahat ng iba pang tatanggap ng scholarship na wala sa U.S., kapag natanggap na ang patunay ng pag-enrollment at wire form.

Mga Kinakailangang Dokumento

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon, dapat mong i-upload ang mga sumusunod na dokumento:

- Isang kasalukuyan at kumpletong transcript ng mga grado. Hindi tinatanggap ang mga grade report. Dapat nakikita sa mga transcript ang pangalan ng mag-aaral, pangalan ng paaralan, mga grado, at na-credit na oras para sa bawat kurso at term kung kailan knuha ang bawat kurso.

TANDAAN: Kung magbibigay ka ng mga marka ng pagsusulit sa SAT o ACT test, at hindi nakalista ang mga markang iyon sa iyong transcript sa high school, kakailanganin mong hiwalay na mag-upload ng opisyal na kopya ng mga marka ng pagsusulit na iyon. Kung nag-a-upload ka ng transcript sa kolehiyo, hindi na kailangan ang mga markang iyon.

- **Mga Mag-aaral na Wala sa U.S.:** Dahil sa mga pagkakaiba sa mga sistema ng edukasyon, dapat ibigay ng mga aplikante mula sa mga bansa sa labas ng U.S. at Canada ang mga sumusunod na materyal:
 - Pagsasalin sa English para sa lahat ng dokumentong wala sa English
 - Mga nababasang photocopy ng mga sumusunod na edukasyonal na materyal mula sa nakalipas na apat na taon:
 - Akademikong grado (transcript ng mga grado)
 - Kredensyal/diploma/certificate sa secondary school, kung nakakuha na, at
 - Mga resulta ng mga akademiskong pagsusulit

Ang iyong aplikasyon ay **hindi maituturing** na kumpleto hangga't hindi naisusumite sa electronic na paraan sa Deadline ng Programa ang lahat ng kinakailangang dokumento.